

**Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk**

**SPEECH OF
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE
DURING THE GROUNDBREAKING CEREMONY OF THE PHILIPPINE
SPORTS TRAINING CENTER (PSTC)**

[Delivered in Barangay Parang, Bagac, Bataan | 17 June 2022]

Thank you. Kindly sit down.

Officials and employees of the Philippine Sports Commission led by Chairman William Ramirez; Senator Bong Go, Chairperson, Senate Committee on Sports; Bataan 2nd District Congressman Jose Enrique Garcia III; Pusong Pinoy Party-list Congressman Jernie Jett Nisay; Bataan Governor Albert Garcia; Bataan Vice Governor Maria Cristina Garcia; Balanga City Municipal Mayor Francis Anthony Garcia; Dinalupihan Municipal Mayor and Bataan 3rd District Congresswoman-elect Maria Angela Garcia — kanila na lahat *[laughter]* wala ng naiwan sa iba *[laughter]* — Limay Municipal Mayor Nelson David; Orion Municipal Mayor Antonio Raymundo; Pilar Municipal Mayor Carlos Pizarro Jr.; Bagac Municipal Vice Mayor Ron Michael Alexis del Rosario; Abucay Municipal Vice Mayor and Mayor-elect Ruben Tagle; Dinalupihan Municipal Mayor-elect German Santos Jr.; fellow workers in government; other distinguished guests; ladies and gentlemen.

Bilib ako sa iyong liderato, puro Garcia. *[laughter]* Sa amin man rin. You know there is a queer coincidence in our history. Maybe it would be the first time, I don't know. I have yet to look into the archives of our country. But si Inday **may** — Vice Mayor, would swear sa loyalty niya sa Constitution and to the country ngayong 19. So si Bongbong Marcos would take his oath of office on June 30 pa.

So at that time, at that point in time sa history, ang Presidente ako pa. June 30 pa 'yung isa eh. Pero may Vice President na nag-oath of office na. So in about — how many days it would be? *[Pila man, Bong?]* ***[Senator Bong Go: Eleven.]*** Eleven, oo tama 11 days, ang Presidente ninyo Duterte, ang Vice President ninyo Duterte. *[applause]*

Kaya sabihin ko kay Inday, ituloy na lang natin ito. *[laughter]* Hindi biro lang. But it's really a queer situation. And well for one, it would be become — it would become a vignettes of life later on.

It gives me great pleasure to join you today for the groundbreaking of the Philippine Sports Center.

I thank the Philippine Sports Commission for giving me the honor to witness the beginning of such a momentous undertaking for Philippine sports.

I commend everyone involved in this great project, which will become the future home and primary venue for the development of our nation's athletes.

I wish to recognize the contribution and generosity of the Bataan Provincial Government for donating 250[,000] square meters of land here in Bagac, for the establishment of the PSTC.

This project shows how our concerted efforts can create a huge impact on the future of our athletes and of the Filipino youth as a whole.

It likewise proves that — in order to achieve progress, address the needs of our people, and provide the efficient, responsive, and inclusive services that they justly deserve — we need to uphold the ideals of synergy, collaboration, and the whole-of-government approach.

Moving forward, I am excited to know that, once completed, this state-of-the-art and highly scientific sports complex will be instrumental not only in the honing of the skills and talents of our athletes, coaches, and referees, but also in boosting their morale as they compete locally and hopefully globally.

With this facility, I am confident we will raise and develop more world-class athletes who will represent the Philippines in international competitions and usher in a thriving sports industry here in the country.

As I am now near the end of my term, it is my hope that the succeeding administration will continue and complete this project as well as pursue other similar projects that would benefit our athletes in the years to come.

Before I say — dito kasi *"Again, I congratulate all of you and mabuhay tayong lahat!"* Huwag ka munang magpalakpak kay... *[laughter]*

Actually hindi ko trabaho 'to. Trabaho ng mga PMAs 'yan, 'yang nakatindig diyan kita mo. Mahulog ka diyan kay sige ka'g katindig. This is not really my

handiwork. Sulat lang ito ng type tapos ibigay sa akin at basahin ko lang dito.

But give me about siguro five minutes. It's 6:05, mga 6:10. Iyong iniwan kong momentum sana sa droga — I'm very happy to know that there is a zero activity of drugs in this country. But please support any endeavor that would kill the industry of drugs in this country for — sabi ko nga I am not used to — strong words. I know that it's a foul one but kailangan kong sabihin na lalo na sa pulis pati military, huwag ninyong bitawan ang momentum, hawakan ninyo ang droga kasi 'pag hindi, sisirain ang bayan natin.

Look at [Sinaloa], look at San Francisco, napunta man kayo doon. Tingnan mo 'yung mga tao sa sidewalk, Los Angeles. Nandiyan sa park nag-tent, sa sidewalk, at wala silang magawa. Worse sa Canada — Seattle, 'yung katabi lang niya, it's really terrible.

And 'yung British Columbia, maganda noon ang lugar na 'yan, napakaganda, peaceful. You go to the **Grouse Mountain** and everything. Ngayon, because of the leniency, lenient, I don't know why they allowed na magpunta ang mga adik doon, puwede silang injection-an, walang huli. Gastos ng gobyerno. Anak ka ng...

'Pag ganoon ang ginawa ko dito, I don't know. Look at [Sinaloa] of Mexico, Colombia, and in some parts of Thailand, sila ang mamili ng kanilang mayor, vice mayor, at walang magawa ang gobyerno. Go to the YouTube and find out how drug is **drugging** these countries. Sobra. Kasi ayaw patayin, libre na lang ang injection. Tapos walang bahay, kung saan-saan matulog, ayon. And every time the monkey rides on their back, gaganoon na 'yan, kakati na, they would go to the sites where the injection is free.

So it will destroy the country. It will dirty the country. Kung ganoon **diyan** sila sa Luneta magpunta, p***** i** mo, papatayin kita diyan. Huwag kayong maniwala pumapatay ako ng tao, and I have never, never allowed or tolerated the killing of children and women. And my orders to the police, paulit-ulit 'yan: go out and destroy the drug organizations, apparatus, and all.

And when they go there, kahapon namatayan ako ng isa. Yesterday, nakita ko sa... Namamatay rin ang pulis ko, 'yang mga buy-bust operations. That is the only norm of talagang makuha natin.

`Pag binitawan ninyo ito, itong drug-free — i-drug-free talaga ninyo, ilibing ninyo diyan oh, karaming lupa diyan na hinukay ninyo. Huwag kayong pumalag — pumayag. It will destroy your province, it will destroy your city. Ako, being the mayor, I said go out. Iyan ang sabi ko sa pulis. Lumabas kayo, hanapin ninyo, hunting-in ninyo. Do it in the official performance of duty. At if by unfortunate chance, you find yourself in a corner at nagtagpo kayo nitong mga drug lords na ito, kill them.

Kaya `yang human rights, ako na `yang nag-utos, kaya `pag pinatay ninyo because you have to perform your duty and to save your own life if it is in danger, okay `yan. I assume full responsibility. Magtanong sila kung bakit ito, sabihin mo, "*Utos ni Duterte. Siya daw ang magpakulong para sa amin.*" Huwag kayong matakot basta performance of duty.

Now, kung `yung pulis maglasing, bugbugin `yung asawa kasi galing doon sa isang asawa. Alam mo, I'm not trying to insult you in public. Pero sa mayor ako, sa amin... Bataan siguro okay kayo. The moral standards might be higher here. Ako na-mayor ako, every time may pulis ilibing, whether sa trabaho namatay o sa sakit, I go there as mayor. Invariably, mag-iyak `yung pamilya, "*Waaaahh!*" Tapos sa isang kabila mayroon na namang grupo doon, "*Waaaahh!*" Sabi ko, tawagin ko `yung CO doon, "*Halika. Bakit `yan?*" "*Sir, dalawa ang asawa kasi niyan, sir.*"

Wala akong nakita — bantayan ninyo, baka hindi dito o doon sa labas, sa Manila — wala akong nakita na pulis na isa lang ang asawa. [*laughter*] Totoo `yan. Sabagay, pasunod-sunuran `yan sila kay ang mayor mismo, ako, dalawa man rin ang asawa ko. [*laughter*] Ganoon talaga ang buhay. `Wag ka lang magbugbog.

Ngayon, dinoble ko na `yung suweldo nila. Ang suweldo nila maliit eh. Hindi magkasya sa dalawang asawa. Alam ko `yan, huwag ninyo akong lokohin. L****. Kasi ako ang suweldo ko, it's about 196[,000], 200[,000] `yan eh plus, salary of a president, 190[,000], hatiin ko pa `yan para sa dalawang pamilya.

So wala na akong bisyo. Hindi na ako mag-inom, tamang-tama rin. Wala na, sa kama na lang ako. I walk with a limp kasi `yung years also sa motorsiklo, the little fractures are already showing there. Kaya nag — I try to... Pero naga-limp talaga na ako, hindi ko na kaya. So `yan ang ano.

Marunong ang Diyos, binigay niya sa akin ang presidency sa katandaan ko. Then ngayon, last year lang ito, naglabasan na lahat ang sakit, then ang term ko matatapos na rin. Timing lang, timing lang talaga ang binigay ng Panginoong Diyos. Ewan ko kung anong nagawa ko sa buhay na ito. Maybe I have done something good na na-impress ko si Jesus.

You know, atin-atin lang ito, tapusin ko na, hanggang 75 lang ako and I graduated seven years sa high school. And I could not remember a week, semana, na hindi ako nakaluhod sa harap ng altar. 'Pag bumaba 'yan, pak! "Taas!" Sige ako concentrate. Ang consuelo alam mo kung sino? Sa altar, sa altar ka man mag-kneel down, tingin ako kay Hesukristo, naka-ganoon siya, ingon ko, "*Jes, pareha talaga ang suwerte natin. Magtulungan na lang tayo, naghihirap na ako dito.*" [laughter] Ganoon. Ganoon ang buhay ko. Pero binigyan ako ng Panginoong Diyos na dito.

Noon kaibigan ko lahat pati NPA. Pulitiko ka, boto lang 'yan eh. Totoo 'yan. Iyang mga pulis pati military, they should give a bigger window sa mga pulitiko. Aakyat ng bukid 'yan magbabayad, boto. But when I became President, magkaibigan kami, sinabi ko, tapos na ang pagkakaibigan natin kasi ako naging Presidente na. And I swore to defend the integrity of the Republic of the Philippines. Trabaho sagrado 'yan. So ngayon, kaaway na tayo.

Ganoon lang ang panahon. There is a time to be friends and a time to be enemies. There is a time for killing and a time to be at peace. A time to be young and a time to be old. A time to be a shining star in the skies, kagaya ko, 22 years mayor, congressman, nag-abot pa kami ng tatay ni ano sa 11th Congress.

I used to be a shining star. But after June 30, I would only be an ordinary citizen at ganoon na lang kalaki. Ganoon ang buhay.

Maraming salamat po. [applause]

— END —